

ANG LAHAT AY MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA NYC:

Mga Madalas Itinatanong para sa mga Immigrante sa New York

May karapatan ang bawat taga-New York sa de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon o kakayahang magbayad. Alagaan ang iyong sarili at ang iyong pamilya, at kumuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kinakailangan mo. Maraming serbisyo ng Lungsod, kabilang ang pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong panlipunan, ay available sa lahat ng taga-New York, anuman ang katayuan sa imigrasyon.



INSURANCE SA KALUSUGAN

Aling mga plano sa Insurance sa Kalusugan ang maaari kong i-sign up?

May maraming opsyon sa insurance ang Mga Imigranteng taga-New York. Maaaring makakuha ang mga bata sa New York State ng insurance sa kalusugan, kahit na hindi sila dokumentado. Mayroong mga Certified Application Counselor ang NYC Department of Health and Mental Hygiene (NYC Health Department) na makakatulong sa iyong malaman kung kwalipikado ka at kung paano mag-sign up para sa insurance sa kalusugan. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa **311**, i-text ang “CoveredNYC” sa 877-877 o bumisita sa nyc.gov/health/healthcoverage.

Kung bumibisita ka sa NYC Health + Hospitals, humiling ng isang Pinansiyal na Tagapayo para tulungan kang makahanap ng insurance sa kalusugan. Tandaan, may karapatan kang makakuha ng mga serbisyo sa iyong mas gustong wika, kabilang ang mga nakasulat na pagsasalin at personal o interpretasyon sa telepono.

NYC CARE

Hindi ako kwalipikado para sa insurance sa kalusugan. Paano ako makakakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan?

Ang NYC Care ay isang programa sa pag-aaccess sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng mura at walang bayad na mga serbisyo sa mga taga-New York na hindi makakakuha o makakapagbayad para sa insurance sa kalusugan. Ang NYC Care ay **hindi** isang plano sa insurance sa kalusugan. Gayunpaman, kung mayroon kang NYC Care, maaari kang makakuha ng kard sa pagiging miyembro para ma-access ang mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan, pumili ng sarili mong provider ng pangangalagang pangkalusugan at makakatanggap ng mga murang gamot. Ang NYC Health + Hospitals ay nagbibigay ng lahat ng serbisyo ng NYC Care.

Magkano ang halaga ng NYC Care? Paano ako makakapag-sign up para sa NYC Care?

Ang mga serbisyong pangkalusugan ng NYC Care ay mababa man o walang gastos, depende sa laki at kita ng iyong sambahayan. Upang makapag-sign up para sa NYC Care, tumawag sa 646-NYC-CARE (646-692-2273) o humiling na makipagkita sa isang Pinansiyal na Tagapayo sa anumang lokasyon ng NYC Health + Hospitals. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa nyccare.nyc.

EMERGENCY CARE PARA SA MGA TAGA-NEW YORK NA WALANG INSURANCE SA KALUSUGAN

Wala akong insurance sa kalusugan ngunit kailangan ko ng emergency care. Paano ko babayaran ito?

Tumutulong ang Emergency Medicaid sa mababang kita na hindi dokumentado at pansamantalang imigranteng taga-New York na magbayad para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa panahon ng isang emergency. Ang mga imigranteng taga-New York na kwalipikado para sa Emergency Medicaid ay maaari ring maging kwalipikado para sa NYC Care upang saklawin ang halaga ng mga serbisyong hindi pang-emergency, tulad ng mga pagbisita sa kanilang medical provider at gamot.

Maaari kang mag-sign up para sa Emergency Medicaid anumang oras sakaling magkaroon ng emergency sa hinaharap. Kung bumibisita ka sa NYC Health + Hospitals, humiling ng isang Pinansiyal na Tagapayo na makakatulong sa iyong mag-sign up. Maaari kang makakuha ng emergency care sa anumang ospital sa NYC, anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon o kakayahang magbayad. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa **311** o i-text ang “CoveredNYC” sa 877-877.

PUBLIC CHARGE

Ano ang tuntunin sa public charge? Ginagamit pa ba ito?

Noong Agosto 2019, inanunsyo ng administrasyon ni Trump ang isang bagong tuntunin sa public charge. Sinubukan ng panuntunan na pigilan ang mga imigrante sa pagkuha ng isang green card o isang visa kung gumamit sila ng ilang partikular na pampublikong benepisyo — gaya ng Medicaid, tulong sa pagkain, o tulong sa pabahay — o naisip ng pederal na pamahalaan na malamang na aasa sila sa mga pampublikong benepisyo sa hinaharap. Gayunpaman, natapos na ang tuntunin ng public charge ng administrasyong Trump. Simula noong Marso 9, 2021, sinabi ng U.S. Department of Homeland Security na babalik ito sa paggamit ng mga polisiyang ipinatupad bago ang Agosto 2019. Para sa karagdagang impormasyon at mga update, bumisita sa nyc.gov/publiccharge.

Paano ko malalaman kung nalalapat sa akin ang tuntunin ng public charge?

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa public charge, tawagan ang ActionNYC hotline sa 800-354-0365 mula 9 am hanggang 6 pm, Lunes hanggang Biyernes, at sabihin ang “public charge” upang makakuha ng napapanahon at pinagkakatiwalaang impormasyon at mga koneksyon sa pinondohan-ng-Lungsod, libre at ligtas na tulong legal sa imigrasyon. Libre at anonymous ang hotline, at available ang tulong sa mahigit 200 wika.

PAGPAPATUPAD NG IMIGRASYON AT PAG-ACCESS SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Isa akong imigrante na hindi dokumentado. Maaari ba akong i-report ng aking provider sa mga pederal na awtoridad sa imigrasyon, tulad ng Immigration and Customs Enforcement (ICE)?

Dapat protektahan ng mga provider ang privacy ng kanilang mga pasyente, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Hindi nagbabahagi ang mga ospital at klinika ng impormasyon ng pasyente nang walang pag-aapruba ng pasyente, maliban kung kinakailangan na gawin ito ng batas. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pinoprotektahan ng mga provider ang privacy ng mga imigrante, bumisita sa nychealthandhospitals.org/immigrant at basahin ang Open Letter to Immigrant New Yorkers (Bukas na Liham sa Mga Imigrante taga-New York) ng H+H.

Ano ang dapat kong gawin kung ang mga opisyal ng ICE ay pumunta sa ospital?

Hindi mo kailangang makipag-usap sa ICE. Kung sinubukan ng isang opisyal ng ICE na pumasok sa isang pribadong lugar, tulad ng iyong silid sa ospital, may karapatan kang panatilihin nakasara ang pinto at tanungin kung mayroon silang hudisyal na warrant. Ang hudisyal na warrant ay isang legal na dokumento mula sa isang hukuman, na nilagdaan ng isang hukom, na nagpapahintulot sa isang tao o isang grupo ng mga tao na gumawa ng isang bagay. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa nyc.gov/immigrants at hanapin ang **know your rights** (alamin ang iyong mga karapatan). Kung kinulong ka ng isang opisyal ng ICE o ang iyong mahal sa buhay, maaari mong tawagan ang Rapid Response Legal Collaborative sa 800-354-0365 upang makakuha ng libre at ligtas na legal na tulong.